



## Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa

Revised July 2022

### ST400 Ang Kaharian at Iglesia ng Diyos

#### ST403 Ang Iglesia ng Diyos

Sa Kanyang *Sermon on the Mount*, sinabi ni Jesus na ang mga taong nagtatayo ng kanilang buhay sa salita ng Diyos ay nagtatayo ng kanilang buhay sa bato, at nakatatamo sila ng kagalakan kahit dumating na ang mga pagsubok na kanilang daranasin dahil sa kanilang pananampalataya. Sa Matthew 16:18, sinabi ni Jesus kay Peter ang ganito: *Itatayo Ko ang Aking iglesia sa ibabaw ng batong ito at hindi ito mapipigilan ng trangkadong hadlang ng impiyerno*. Ang batong tinutukoy ni Jesus ay ang Kanyang salita na siyang pundasyon ng iglesia.

#### Part 1: Ang pinakadiwa ng Iglesia

Ang *universal o invisible church* ni Jesu-Cristo ay ang pagsasama-sama ng lahat ng mga hinirang ng Diyos sa buong kasaysayan ng mundo. Ang local naman at nakikitang iglesia ay ang pagsasama-sama at pagpupulong ng mga tao na nananampalataya sa salita ni Cristo. Sa pagtawag natin ng mga tupang ligaw sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mabuting balita, tinatawag natin sila mula sa mundo tungo sa bagong comunidad na may makabibhiyang pananaw.

Ang *visible church* naman ay maaaring pumalibot sa kahit anong bilang ng mga believers. Ang *visible church* ay maaaring tumukoy sa maliit na grupo ng mga believers na nagpupulong sa mga tahanan o *church buildings*. Maaaring binubuo ito ng mga believers na naninirahan sa isang municipalidad o siyudad. O kaya naman ay kabuoan ng mga believers sa isang malaking distrito. Ang lupon ng mga *believers* ay maaaring tumukoy sa isang buong comunidad na Cristiano o mga Christians sa isang comunidad.

Ang pagbubuo ng mga ministerial councils sa Pilipinas ay isang napakagaling na pagkilos ng Iglesia ng Panginoon sa bayang ito. Darating ang panahon na ang *appreciation* ng buong kapatiran sa *insightful development* na ito ay lalawak pa.

May ilang larawan o terminolohiya na ginamit sa mga epistles ang makatutulong upang ang ating pang-unawa sa kalikasan ng iglesia ay mas lalong lumalim pa.

1. Ang Iglesia bilang Katawan ni Cristo. Ang iglesia ay mga tao at hindi lamang isang samahan. Ganito ang nakasaad sa 1 Corinthians 12:12, *Ang katawan ay iisa, bagamat ito'y binubuo ng maraming bahagi; at kahit maraming bahagi, iisa lang ang katawan*. Ang maraming bahagi ng katawan ay may iba't ibang gawain, ganoon din ang iglesia. Si Jesu-Cristo na ulo ng katawan ay nagkakaloob ng *spiritual gifts* – mga talento at mga abilidad para sa gawain – sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang ang bawat believer ay makatulong sa kalusugan at paglago ng buong katawan. Kung maisasagawa ng bawat *believer* ang kani-kanilang ministry, ang buong katawan ay magkakaisa at lalago, at magiging matatag sa pananampalataya at kaalaman (Ephesians 4:11-13).

2. Ang Iglesia bilang Pamilya ng Diyos. Sinabi ni Apostol Pablo sa Ephesians 3:14-15 na tayo ay isang pamilya na kumukuha ng pagkakakilanlan mula sa kalikasan ng Diyos bilang ating Ama. Ang universal church ay ang mga taong hinirang ng Diyos na tinipon bilang mga *household* o mga pamilya. Bilang mga inampon ng iisang Ama, ang mga *believers* ay dinala sa pamilya ng Diyos at ang bawat believer ay dapat na magmahal sa ibang mga mananampalataya bilang mga kapatid sa Panginoon (Galatians 6:10; Hebrews 2:11; 1 Peter 4:17).

3. Ang Iglesia bilang Maharlikang Saserdote. Si Cristo ang batong panulok na nilalarawan ng gusaling itinatayo ng Diyos, na sumisikat bilang banal na templo at tahanan kung saan nananahan ang Diyos sa pamamagitan ng Espiritung Banal (Ephesians 2:21-22). Ginamit din ni Peter ang larawang ito nang tagurian niya ang mga believers na mga buhay na bato: . . . *kayo'y itinatayong bahagi ng isang tahananang espiritual upang maging mga saserdoteng banal na maghahain ng mga handog na espiritual na kalugod-lugod sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo* (1 Peter 2:5). Maliwanag na sinasabi dito, na ang bawat believer ay isang saserdote o pari na tinawag upang ialay ang kanyang katawan bilang buhay na hain at magpahayag ng mga papuri sa Diyos (Romans 12:1; 1 Peter 2:9).

4. Ang Iglesia bilang isang Bansang Banal. Nakasaad sa Colossians 1:13 na iniligtas ng Diyos ang mga *believers* mula sa kapangyarihan ng kadiliman at dinala sila sa kaharian ni Jesu-Cristo. Bagamat ang mga *believers* ay mga mamamayan ng iba't ibang bansa sa mundo, sila ay mga mamamayan din sa kaharian ng langit. Dahil diyan, ang katapatan nila unang-una ay dapat sa kanilang hari – si Jesu-Cristo. Sapagkat sila ay kasapi sa kaharian ng liwanag at ihiniwalay para sa Diyos, sila ay nagiging ilaw sa kani-kanilang bansa. Gayon din, ang mga *believers* ay dapat maging tagapamayapa sa mundo at representante na nagdadala ng mensahe ng pakikipag-kasundo sa kanila sa mga bayan. Dapat din nilang ipanalangin ang mga hari, mga *prime ministers* at mga presidente ng bansa upang bilang mga mamamayan, makapamumuhay sila ng may katahimikan at kapayapaan sa kabanalan at karangalan (1 Timothy 2:1-2).

## **Part 2: Ang mga institusyon sa Iglesia**

Bukod sa *figurative language* na ginamit sa paglalarawan ng kanyang kalikasan, tinuturo ng Bible na ang Iglesia ay may tatlong institusyon na itinatag ng Diyos para sa sangkatauhan bago pa man nahulog ang tao sa kasalanan kaya ang mga ito ay para sa lahat ng mga bansa sa mundo: a) pagsamba, b) pagtratabaho at c) pagkakasal. Ang mga ito ay ang pinakalayunin at gabay sa buhay ng mga anak ng Diyos; ang mga bagay na ito ang magbibigay ng makabuluhang kahulugan sa buhay kahit ano pa man ang *political, social* at *economic status* ng mga mananampalataya saan mang lipunan sila kabilang.

a) Ano ang Pagsamba? Matapos likhain ng Diyos ang lalaki at babae, pinagpala Niya sila, habang sila ay nakaluhod. Ang tao ay nilikhang nakahanda upang sumamba at maglingkod. Ang pagsamba ay ang pagpapahayag ng pag-ibig at papuri sa Diyos, kung sino Siya at ang mga dakilang gawa Niya. Ito ay ang pagpapakilala at pagpapahayag ng mga walang kapantay na katangian ng Diyos at pagkilala na ang Diyos lamang ang karapat-dapat papurihan at pasalamat. Nakasaad sa Genesis 2:2-3 na sa ika-pitong araw ay natapos na ng Diyos ang Kanyang gawang paglikha; kaya Siya ay namahinga sa ika-pitong araw. Pinagpala at ginawa Niyang banal ang araw na ito. Sa loob ng anim na araw, sasambahin natin ang Diyos sa pamamagitan ng pagtratabaho sa bukid, sa opisina o sa tahanan; ngunit sa ika-pitong araw mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog nito, nararapat na nakatuon ang ating espiritu, isip at katawan sa pagpapahayag ng ating pag-ibig, papuri at pasasalamat sa ating Panginoon sa kaibuturan ng ating mga puso, kasama ang ating pamilya.

Inatasan din ng Diyos ang mga *believers* na sambahin Siya nang hayagan. Kasama ang ibang mga *believers*, sila ay nagsasalo-salo, nag-aaral ng banal na kasulatan, umaawit ng mga awiting nagluluwalhati sa Diyos, at mapagsuring nakikinig ng pagbabahagi at pagtuturo ng Kanyang salita (Acts 2:42). Patuloy tayong namamahinga sa Diyos matapos ang ating pananambahan o kaya'y isinasagawa natin ang ibang mahalagang gawain tulad ng pagkakawanggawa.

b) Bakit kailangang magtrabaho? Nakasaad sa Genesis 2:15 ang ganito: Inilagay ng Diyos ang taong Kanyang nilikha sa Hardin ng Eden upang pangalagaan at trabahuhin niya ito. Ang tao ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos. Siya ay trabahador. Ang ating pagtrabaho ay ang paraan ng paglilingkod sa Diyos. Maisakatuparan natin ang ating layunin sa pagsamba at paglilingkod sa Diyos. Ipinabatid sa atin ng Ephesians 2:10 na, *tayo ay mga nilikha ng Diyos, nilikha sa pamamagitan ni Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na inihanda ng Diyos para sa atin*. Mayroong plano ang Diyos sa Kanyang isipan nang tayo ay Kanyang likhain. Kung tayo ay nagtitiwala sa Diyos, makikita natin na Siya ang nagbibigay direksyon sa ating daraanan upang maisakatuparan ang Kanyang plano sa ating buhay.

Sa Matthew 5:14 sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad na sila ang ilaw ng sanlibutan at inutusan Niya sila na pagliwanagin ang kanilang ilaw upang makita ng mga tao ang kanilang mga mabubuting gawa nang sa ganoon ay purihin ang kanilang Ama na nasa langit. Ang mga di-mananampalataya ay humahanga din kapag ginagawa natin ang mga gawaing inilaan ng Diyos para sa atin. Ang mga nagtitiwala sa Diyos ay nakagagawa ng mahusay na producto at mahusay na serbisyo. Ang mga cliyente o empleyado nila ay nagtatamo ng kasiyahan sa kanilang pagtrabaho.

Mayroon pang isang mahalagang klase ng pagtrabaho na dapat nating alalahanin – ang *voluntary community service*. Dapat nating tulungan ang ating mga kapitbahay, maging *believer* o *non-believer* man sila. Kung minsan, ang tawag natin dito ay *mercy ministry*. Pakainin ang nagugutom, bigyan ng tubig ang nauhaw, damitan ang walang baro, turuan ang mangmang, pagpayuhan ang mga namimighati, bigyan ng matutuluyan ang walang mahimlayan, bisitahin ang mga may sakit at mga nasa bilangguan, sapagkat binibigyan tayo ng Panginoon ng mga abilidad at mga oportunidad upang maisagawa ang mga ito.

c) Bakit kailangang pagkaabalahan ang seremonyang pangkasal? Matapos ilagay ng Diyos ang tao sa Hardin ng Eden upang pagyamanin at pangalagaan ito, sinabi ng Diyos, *Hindi mabuti na ang lalaki ay nag-iisa. Gagawa ako ng isang katulong na angkop sa kanya*. Kaya nilikha ng Diyos ang babae nang sa ganoon si Adan ay magkaroon ng katulong na angkop sa kanya upang matupad niya ang kanyang gawain. Bahagi ng two-fold mandate na ibinigay ng Diyos kina Adan at Eba ang magparami at punuin ang mundo. Sa ganoon, mayroong usaping pagpaparami at pagpapalago ng pamilya. Kaya naman bahagi sa plano ng Diyos sa buhay ng lalaki at babae ang ibigin nila ang isa't isa at maging magkatuwang sa pagtrabaho. Magtutulungan sila sa pagtrabaho at pagpapalaki sa kanilang pamilya. Dahil dito sinabi sa Genesis 2:24 na, *iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina at magsasama sila ng kanyang asawa, at sila ay magiging isang laman*. Ang pag-aasawa ay panghabang-buhay. Ito ay banal sa mga mata ng Diyos. Siya ang nagtatag nito. Sa pamamagitan ng seremonyang pagpapakasal, kinikilala natin ang presensya at biyaya ng mahabaging kamay ng Diyos sa ating *marital relationship*. At ito ang dahilan kung bakit nauuna ang seremonya ng kasal bago ang *intimacy*.

Bagamat ang asawang babae ay inatasan na magpailalim sa pamumuno ng asawang lalaki, hindi ibig sabihin nito ay inferior ang babae sa lalaki. Magkapareho ang kanila halaga o value sa mata ng Diyos. Ang magkaiba ay ang kanilang tungkulin.

## **I. Multiple Choice**

1. Sinabi ni Jesus kay \_\_\_\_\_ na itatayo Niya ang Kanyang iglesya sa ibabaw ng bato ito at hindi ito mapipigilan trangkadong hadlang ng impiyerno.
  - a. Peter
  - b. Matthew
  - c. John
2. Ang bato na tinutukoy ni Cristo sa Matthew 16:18 ay
  - a. Si Peter
  - b. Ang Kanyang salita
  - c. Ang literal na bato
3. Ang visible church ay maliit na grupo ng believers na nagpupulong sa church building o tahanan.
  - a. True
  - b. False
4. Ang church ay
  - a. Tahanan,
  - b. Building
  - c. Lugar na pinagpupulungan
5. Ang church ay ihinalintulad sa \_\_\_\_\_ na may iba't ibang bahagi at function.
  - a. Building
  - b. Katawan
  - c. Plano
6. Tulad ng isang pamilya, ang church na binubuo ng mga believers ay dapat magmahal sa ibang mananampalataya bilang magkakapatid sa Panginoon at okay lang kung may di-pagkakaunawaan.
  - a. True
  - b. False
7. Ang bawat believer ay tinawag na \_\_\_\_\_ upang ialay ang kanyang katawan bilang buhay na hain at magpapahayag ng mga papuri sa Diyos.
  - a. Pastor
  - b. Saserdote
  - c. Propeta
8. Sinabi sa Colossians 1:13 na iniligtas ng Diyos ang mga mananampalataya
  - a. Sa kapahamakan at kamatayan
  - b. Mula sa kapangyarihan ng kadiliman tungo sa kaharian ni Cristo Jesus
  - c. Lahat ng nasa itaas
9. Bukod sa pananalangin sa bawat isa, ipinapanalangin din ng mga believers ang leaders ng bansa
  - a. Upang gampanan nila ang kanilang mga pangako noong panahon ng election
  - b. Upang makita ang pagbabago sa bansa
  - c. Upang makapamuhay sila ng may katahimikan at kapayapaan



10. Bago pa man mahulog sa kasalanan ang tao, itinatag na ng Diyos ang tatlong institution:
- Pagtrabaho, pagpaparami at pamamahala
  - Pagpaparami, pagtanim, pag-aasawa
  - Pagsamba, pagtrabaho at pagkakasal
11. Ano ang pagsamba?
- Pag-aawitan ng mga papuring awit sa Diyos
  - Pagtuon ng ating espiritu, isip at katawan sa pagpapahayag ng ating pag-ibig, papuri at pasasalamat sa Diyos
  - Pamamahinga at pagtuon ng atensyon sa pamilya at gawaing bahay
12. Bakit kailangang magtrabaho ng tao?
- Dahil inutos ito ng Diyos
  - Dahil siya ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos na isang trahador.
  - Upang siya ay umasenso sa buhay
13. Ano ang isang trabaho na iniatas ng Panginoong Jesus sa mga mananampalataya?
- Pagliwanagin ang kanilang ilaw upang makita ang kanilang mabubuting gawa
  - Maging competitive para umangat ang pwesto sa pinagtrabahuhan
  - Magpakita ng kagalingan kahit nakakasagasa sa ibang kamanggagawa
14. Bakit kailangang pagkaabalahan ang seremonyang pangkasal?
- Sapagkat ito ay hindi legal kung walang basbas ng simbahan
  - Sapagkat hindi tinatanggap ang pagsasama nang walang kasal
  - Sapagkat ito ay itinatag ng Diyos sa simula pa lamang nang likhain Niya ang lalaki at babae upang magparami at punuin ang mundo